APPLICATION

- Tignan ang iyong puso. Ano ang nagtutulak sa iyo upang gawin ang isang bagay? Ito ba ay dahil sa kagustuhan mo na matupad ang mga pamantayan o ito ba ay dahil ninanais mong parangalan ang Diyos sa lahat ng iyong ginagawa? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin upang parangalan ang Diyos ngayong linggo?

- Ano ang iyong ginagawa upang lumago sa iyong relasyon sa Diyos? Paano mo Siya lalo pang makikilala sa bawat araw?

- Ikaw ba ay may tamang relasyon sa Diyos? Ano ang mga bahagi ng iyong buhay na kailangan mong ayusin at iayon sa Salita ng Diyos? Paano mo magagawang mamuhay upang mahalin Siya nang higit sa lahat?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa kung sino Siya sa iyong buhay. Hilingin sa Banal na Espirito na ipakita ang mga bahagi ng iyong puso na kailangan mong isuko sa Kanya. Ipagdasal mo na ikaw ay mapalapit sa Diyos sa bawat araw na lumilipas at mamuhay na pinaparangalan Siya sa lahat ng pagkakataon.

- Ipagdasal na ikaw ay magkaroon ng malalim na pang-unawa sa Salita ng Diyos. Ipagdasal ang kakayanan na sumunod at parangalan Siya sa lahat ng bahagi ng iyong buhay.

- Ipanalangin na ikaw ay mamuhay sa paraang makatutulong sa iba upang mahalin at parangalan ang Diyos. Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataon na ibahagi sa ibang tao ang iyong relasyon sa Kanya.

VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph



Parangalan ang Diyos sa Pamamagitan ng Iyong Puso

NOTES

WARM-UP

- Sino ang isang tao na labis mong nirerespeto? Bakit mo nirerespeto ang taong ito?

- Anu-ano ang mga tradisyon na sinusunod ng iyong pamilya? Ibahagi sa grupo ang ilan sa mga ito.

- Magbigay ng isang kilalang kasabihan na alam mo. Sumasang-ayon ka ba dito? Bakit oo o bakit hindi?

WORD

[5]Kaya tinanong siya ng mga Pariseo at ng mga tagapagturo ng Kautusan, "Bakit hindi sinusunod ng mga tagasunod mo ang mga tradisyon ng ating mga ninuno? Hindi sila naghuhugas ng kamay bago kumain!" [6]Sinagot sila ni Jesus, "Tamang-tama ang sinabi ni Isaias tungkol sa inyo na mga pakitang-tao. Ayon sa isinulat niya, sinabi ng Diyos na, 'Iginagalang ako ng mga taong ito sa mga labi lang nila, ngunit malayo sa akin ang mga puso nila. [7]Walang kabuluhan ang kanilang pagsamba sa akin dahil ang mga itinuturo nila ay mga utos lang ng tao.' [8]Sinusuway ninyo ang utos ng Diyos, at ang sinusunod ay mga tradisyon ng tao." **MARCOS 7:5-8**

Sa lahat ng panahon, ninanais natin na gumawa ng maraming bagay. Subalit bilang mga Kristyano, lahat ng ating mga gagawin ay dapat na naglalayong makamit ang isang bagay lamang—ang maparangalan ang Diyos. Ang mamuhay na nagpaparangal sa Kanya ang tanging nararapat na tugon sa lahat ng kabutihan na ginawa Niya para sa atin. Tayo ay tinawag upang parangalan ang Diyos at ibahagi kung sino Siya. Subalit ano ba ang ibig sabihin ng pagpaparangal sa Diyos? Sa ating pagpasok sa bagong yugto o panahon ng ating buhay, ating alamin kung ano nga ba ang ibig sabihin ng pamumuhay sa paraang makapagbibigay karangalan sa Diyos.

1 Ang pagpaparangal sa Diyos ay nagsisimula sa puso.

Sinagot sila ni Jesus, "Tamang-tama ang sinabi ni Isaias tungkol sa inyo na mga pakitang-tao. Ayon sa isinulat niya, sinabi ng Diyos na, 'Iginagalang ako ng mga taong ito sa mga labi lang nila, ngunit malayo sa akin ang mga puso nila. **MARCOS 7:6**

Nang tinanong ng mga Pariseo si Jesus patungkol sa mga ginagawa ng Kanyang mga tagasunod—ang pagkain nang hindi naghuhugas ng kamay—tinawag sila ni Jesus na mga *pakitang-tao*. Ang pakitang-tao ay ang taong umaangkin ng mga paniniwala subalit hindi tapat na namumuhay ayon sa mga paniniwalang ito. Sinasabi sa Bibliya na kung tayo ay tunay na nagpaparangal sa Diyos, hindi ito masusukat sa panlabas na kilos o gawa lamang. Ang pagpaparangal sa Diyos ay nagsisimula sa ating kalooban—galing sa puso na tunay na sumusuko at lumalapit sa Kanya. Ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng pusong malapit sa Diyos?

2 Ang pagpaparangal sa Diyos ay ang pagkakaroon ng tamang relasyon sa Kanya.

[4]"Makinig kayo, O mamamayan ng Israel: Ang Panginoon na ating Diyos ay iisang Panginoon lang." [5]Mahalin ninyo ang Panginoon na inyong Diyos nang buong puso ninyo, nang buo ninyong kaluluwa at ng buo ninyong lakas. [6]Huwag ninyong kalilimutan ang mga utos na ito na ibinigay ko sa inyo ngayon. [7]Ituro ninyo ito sa inyong mga anak. Sabihin ninyo ito kapag kayo's nasa inyong mga bahay at kapag naglalakad kayo, kapag nakahiga kayo at kapag babangon kayo." **DEUTERONOMIO 6: 4-7**

Ang Israel ang piniling mamamayan ng Diyos—Siya ang kanilang Diyos at sila ay nabibilang sa Kanya. Ang kautusan ng Diyos sa Israel ay ang mahalin Siya. Ang kautusang ito ay batay sa isang ugnayan o relasyon. Ito ay kautusan na mahalin Siya at maging tapat sa pagmamahal sa Kanya. Sa parehong paraan, bilang mga anak ng Diyos, tayo ay tinawag Niya upang magkaroon ng relasyon sa Kanya, at mahalin Siya nang buong puso. Kung tayo ay wala sa tamang relasyon sa Kanya, hindi natin Siya kayang parangalan. Ano ang ibig sabihin ng pagmamahal sa Diyos nang buong puso, kaluluwa, at lakas?

3 Ang pagpaparangal sa Diyos ay ang pagsunod sa Kanyang Salita.

[7]Walang kabuluhan ang kanilang pagsamba sa akin dahil ang mga itinuturo nila ay mga utos lang ng tao.' [8]Sinusuway ninyo ang utos ng Diyos, at ang sinusunod ay mga tradisyon ng tao." **MARCOS 7:7,8**

Ang pagpaparangal sa Diyos ay nangangahulugan ng pagiging tapat sa Kanya, ng pagbibigay sa Kanya ng pagtangi na may ganap na paggalang at pagkamangha. Ito ay nangangahulugan ng pagpapahalaga sa lahat ng salita na nanggagaling sa Kanya. Kung ating nanaisin na pahalagahan ang Diyos at sambahin Siya nang buong katotohanan, tayo ay mamumuhay na sumusunod sa Kanyang Salita—hindi para sa ikasisiya ng ibang tao at hindi para masunod ang ating sariling mga pamantayan sa buhay. Bakit ang pagsamba ng mga pakitang-tao ay walang kabuluhan? Paano ito naiiba sa paraan ng pamumuhay na inaasahan ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan?